ESTADO NG ALASKA

Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Panlipunan

FORM NG INIUUTOS NA DEKLARASYON PARA SA MGA BUMIBIYAHE SA PAGITAN NG MGA ESTADO

Aktibong sinisiyasat at sinusubaybayan ng Estado ng Alaska ang lahat ng bumibiyahe para sa kalusugan at kaligtasan ng publiko. Iniaatasan nito ang lahat ng bumibiyaheng ibigay ang impormasyon sa ibaba.

Mga Batas ng Alaska 26.23 at 18.15.

PAGKAKAKILANLAN AT IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG BUMIBIYAHE

BUONG PANGALAN (ILIMBAG): _____

ADDRESS NG TIRAHAN_____ LUNGSOD_____ESTADO_____ ZIP _____

NUMERO NG TELEPONO HABANG BUMIBIYAHE SA ALASKA _____ PETSA NG PAGDATING _____

MANGYARING PUMILI NG ISA SA MGA SUMUSUNOD NA OPSYON:

#1 PAGSUSURI SA LOOB NG 72 ORAS NG PAG-ALIS

(a) ☐ **Nasurian ako sa loob ng 72 oras bago umalis at negatibo ito. Ibinigay ang katibayan ng resulta.**
Pinahihintulutan ko ang muling pagpapasuri sa pagitan ng 7-14 na araw pagkatapos ng dumating sa Alaska. Sumasang-ayon akong babawasan ang aking pakikisalamuha sa iba hanggang sa bumalik ang aking pangalawang pagsusuri, lumipas na ang 14 na araw, o umalis ako ng estado, alinman ang mauuna.

(b) ☐ **Nasurian ako sa loob ng 72 oras bago umalis ngunit hinihintay ko ang mga resulta ng aking pagsusuri.**
Sumasang-ayon akong magku-quarantine sa nakalistang lokasyon hanggang sa matanggap ko ang mga resulta ng pagsusuri, na ipapadala ko sa pamamagitan ng email sa traveler@alaska.gov. Muli akong magpapasuri sa pagitan ng 7-14 na araw pagkatapos ng dumating sa Alaska. Sumasang-ayon akong babawasan ang aking pakikisalamuha sa iba hanggang sa bumalik ang aking pangalawang pagsusuri, lumipas na ang 14 na araw, o umalis ako ng estado, alinman ang mauuna.

#2 PAGSUSURI SA LOOB NG 5 NA ARAW NG PAG-ALIS

(a) ☐ **Nasurian ako sa loob ng 5 araw bago umalis at negatibo ito. Ibinigay ang katibayan ng resulta.**
Pinahihintulutan ko ang pagsusuri sa paliparan ngayong araw at ang pangatlong pagsusuri sa pagitan ng 7-14 na araw pagkatapos dumating sa Alaska. Babawasan ko ang aking pakikisalamuha sa iba hanggang sa bumalik ang aking pangatlong pagsusuri, lumipas na ang 14 na araw, o umalis ako ng estado, alinman ang mauuna.

(b) ☐ **Nasurian ako sa loob ng 5 araw bago umalis ngunit hinihintay ko ang mga resulta ng pagsusuri.**
Sumasang-ayon akong magku-quarantine sa nakalistang lokasyon hanggang sa matanggap ko ang mga resulta ng pagsusuri, na ipapadala ko sa pamamagitan ng email sa traveler@alaska.gov. Muli akong magpapasuri sa pagitan ng 7-14 na araw pagkatapos ng dumating sa Alaska. Sumasang-ayon akong babawasan ang aking pakikisalamuha sa iba hanggang sa bumalik ang aking pangalawang pagsusuri, lumipas na ang 14 na araw, o umalis ako ng estado, alinman ang mauuna.

#3 WALANG KUWALIPIKADONG PAGSUSURI BAGO BUMIYAHE

(a) ☐ **Hindi ako nakatanggap ng pagsusuri bago bumiyahe sa loob ng 5 araw bago ang pag-alis. Humihiling ako ng pagsusuri sa Alaska.**
Pinahihintulutan ko ang pagsusuri sa pagdating sa Alaska. Sumasang-ayon akong magku-quarantine sa nakalistang lokasyon hanggang sa matanggap ko ang mga resulta. Nauunawaan kong ang pagsusuri ay nakadepende kung mayroon, at dapat akong mag-quarantine ng 14 na araw o hanggang sa makatanggap ako ng mga negatibong resulta ng pagsusuri, alinman ang mas maikli.

(b) ☐ **Hindi ako nakatanggap ng pagsusuri bago bumiyahe sa loob ng 5 araw bago ang pag-alis. Magku quarantine ako ng 14 na araw sa nakalistang lokasyon para sa quarantine sa ibaba. Susunod ako sa mga iniaatas sa quarantine na ito:**

1. Direktang tumungo sa itinalaga sa iyong lokasyon para sa quarantine. Manatili sa itinalaga sa iyong lokasyon para sa quarantine ng 14 na araw, o sa itatagal ng iyong pamamalagi sa Alaska, alinman ang mas maikli.
   a. Maaari mo lamang lisanin ang itinalaga sa iyong lokasyon para sa quarantine kung may mga medikal na emerhensya o upang humingi ng kinakailangang pagpapagamot.
   b. Huwag pumunta sa anumang mga pampublikong lugar, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: mga pool (palanguyan), silid ng pulungan, fitness center, o restawran.
   c. Huwag pahintulutang maglabas-pumasok ang mga bisita sa itinalaga sa iyong lokasyon para sa quarantine maliban sa doktor, healthcare provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan), o indibidwal na inawtorisahang pumasok sa itinalagang lokasyon ng quarantine ng Unified Command.
2. Sumunod sa lahat ng patakaran o protokol na nauugnay sa iyong quarantine gaya ng itinakda ng iyong hotel o inuupahang lodging.

(c) ☐ **Isa akong residente ng Alaska at nasa labas ng estado ng limang araw o wala pang limang araw. Pinipili ko ang mga sumusunod na opsyon:**

- ☐ Pinahihintulutan ko ang pagsusuri sa pagbalik sa Alaska. Magku-quarantine ako sa nakalistang lokasyon hanggang sa matanggap ko ang mga resulta ng aking pagsusuri. Kukuha ako ng pangalawang pagsusuri sa pagitan ng 7-14 na araw pagkatapos dumating, at sumasang-ayon akong babawasan ang mga pakikisalamuha hanggang sa maipakita ng resulta mula sa pangalawang pagsusuri na negatibo ako.
- ☐ Magku-quarantine ako ng 14 na araw sa pagdating at susunod sa mga iniaatas ng quarantine gaya ng paglalarawan sa dokumentong ito.
- ☐ Umalis ako ng Alaska ng wala pang 24 na oras (halimbawa, layover sa isa pang estado), kaya hindi ko kailangan ng pagsusuri o quarantine. Susubaybayan ko ang aking sarili sa susunod na 14 na araw kung may mga sintomas, kahit mga bahagyang sintomas.

ESTADO NG ALASKA

Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Panlipunan

#4 GUMALING NA WALANG IPINAKITANG MGA SINTOMAS

☐ **Naging positibo ako noong nakaraan sa COVID-19. Gumaling na ako at makakapagbigay ng katibayan ng mga sumusunod:**

(1) Mga nakaraang positibong resulta ng pagsusuring molecular-based (hindi isang antibody test) para sa SARS-CoV2 na isinagawa nang hindi bababa sa tatlong linggo bago dumating sa AK:
(2) Kasalukuyan akong walang ipinapakitang sintomas; at
(3) Hawak ko ang tala ng paggaling ng isang medikal na provider.

#5 MGA MANGGAGAWA PARA SA NAPAKAHALAGANG IMPRAESTRUKTURA

☐ **Bumibiyahe ako bilang bahagi ng napakahalagang impraestruktura sa kasalukuyang plano ng pagpapahupa ng COVID.**

Employer: _____Titulo/papel na ginagampanan ng empleyado_____

Nag-aatas na ang Employer ng pagsusuri sa pagdating? ☐ **OO** ☐ **HINDI** ☐ **HINDI ALAM**

IMPORMASYON SA LOKASYON PARA SA QUARANTINE

ADDRESS_____ LUNGSOD_____ ESTADO_____ ZIP_____

PETSA NG PAGDATING SA LOKASYON PARA SA QUARANTINE _____ MGA TALA: _____

MGA MENOR DE EDAD O MGA BATANG NASA PANGANGALAGA

Kinumpleto ko ang form na ito sa ngalan ng isa menor de edad na batang nasa aking kustodya at pangangalaga, o sa ngalan ng isang indibidwal kung saan ako ay may ligal na awtoridad. Awtorisado akong pahintulutan ang pagsusuri, kung naaangkop, sa ngalan nila.

BUONG PANGALAN NG BATA/BATANG NASA PANGANGALAGA (ILIMBAG):

_____

_____

BUONG PANGALAN NG INAWTORISAHANG KINATAWAN (ILIMBAG):

_____

KAUGNAYAN SA BATA/BATANG NASA PANGANGALAGA:

_____

ADDRESS NG TIRAHAN:_____ NUMERO NG TELEPONO: _____

PAGBERIPIKA SA SINTOMAS

May nakaugnayan ka bang sinumang may positibong kaso ng COVID sa loob ng nakaraang 14 na araw? ☐ **OO** ☐ **HINDI**
Mayroon ka bang alinman sa mga sumusunod na sintomas:

- Ubo ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Pananakit ng Lalamunan (sore throat) ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Pangangapos ng Hininga ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Pagod ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Mga sintomas ng lagnat ☐ **OO** ☐ **HINDI**
- Pananakit ng katawan ☐ **OO** ☐ **HINDI**

*Kung pinili mo ang oo sa alinman sa mga ito, sumasang-ayon kang magpasuri sa paliparan at magku-quarantine hanggang sa bumalik ang mga resulta, kahit na hawak mo ang negatibong pagsusuri. Kung kinukumpleto mo ang form na ito bago pumunta ng Alaska at may mga sintomas, kumonsulta sa iyong doktor bago bumiyahe.

SERTIPIKO

Basahin at Pirmahan: Sumusumpa o pinatutunayan ko, sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag, na: ang impormasyon sa itaas na aking ipinagkaloob sa dokumentong ito ay totoo at tama. Sumusumpa akong susunod sa mga iniaatas ng Health Mandate 010 (Utos sa Kalusugan), mga iniaatas sa pumuprotektang plano ng aking employer (kung naaangkop), at sa Form ng Deklarasyong ito.

BABALA: Kung magbibigay ka ng maling impormasyon sa form na ito, maaari kang mahatulan ng Class B felony (Krimeng nasa klase B) sa ilalim ng AS 11.56.200 at/o isang Class A misdemeanor (maliit na pagkakasala sa Klase A) sa ilalim ng AS 11.56.210. Dagdag dito, dahil sa malapit na panganib sa publiko sa pamamagitan ng pagkalat ng Coronavirus, kung lalabagin mo ang mga regulasyon sa pag-quarantine na nakatakda sa utos, maaari ka ring mahatulan ng class A misdemeanor na mapaparusahan ng isang multang hanggang $25,000, o pagkakakulong ng hindi hihigit sa isang taon, o pareho alinsunod sa Batas ng Alaska 12.55.035 at Batas ng Alaska 12.55.135.

PIRMA: _____ PETSA:_____

NAKALIMBAG NA PANGALAN: _____